Global Alliance for Rabies Control
UBS
UBS Optimus Foundation


# PAMUMUHAY NANG WALANG RABIES



Mga larawan ni Mary Faye D.V. Matuguinas


# Ano ang **RABIES** ?

- Nakamamatay na sakit sanhi ng ***rabies virus.***
- Naaapektuhan nito ang utak at wala itong lunas.
- Naisasalin ito sa iba sa pamamagitan ng laway galing sa may rabies na hayop o tao.
- Ito ay sakit na puwedeng makuha ng ***mammals.***



# PAANO NAKUKUHA ang rabies?

1. Papasok ang virus sa katawan sa pamamagitan ng laway ng hayop na may rabies.



2. Bahagyang magpaparami ang virus sa lugar ng kagat at aakyat ito sa utak.

# PAANO NAKUKUHA ang rabies?



**3.** Magpaparami ang virus sa utak at kakalat sa ibang bahagi ng katawan gaya ng salivary glands. Magpapakita na ng sintomas ng rabies ang nahawaan matapos ang 1 – 3 buwan.

**4.** Mapaparalisa ang biktima hanggang tuluyang mamamatay isang linggo matapos magpakita ng sintomas.

# Ano ang SENYALES ng rabies?




Pananakit ng ulo



Takot sa tubig




Takot sa hangin



Takot sa liwanag


# Ano ang SENYALES ng rabies?




Matamlay o Agresibo



Nangangagat ng kung anu-ano




Matinding paglalaway



Takot sa liwanag

# Ano ang **DAPAT GAWIN** kapag **NAKAGAT** ng hayop?



HUWAG KUMUNSULTA SA ALBULARYO O MAGPATANDOK






1. Hugasan agad ang sugat ng sabon at dumadaloy na tubig ng 15 minuto.

# Ano ang DAPAT GAWIN kapag NAKAGAT ng hayop?





**2.** Pahiran ng tintura de yudo (tincture of iodine) o anumang gamot na pangsugat.

**3.** Kumunsulta agad sa doktor o sa pinakamalapit na Animal Bite Treatment Center (ABTC).



**HUWAG KUMUNSULTA SA ALBULARYO O MAGPATANDOK**

# Ano ang DAPAT GAWIN sa NAKAKAGAT na HAYOP?





**1.** Huwag patayin ang hayop! Sumangguni sa Municipal Agriculture Office o City Veterinary Office upang hulihin ito.



# Ano ang DAPAT GAWIN sa NAKAKAGAT na HAYOP?

**2.** Itali o ikulong ang hayop at obserbahan sa loob ng 14 na araw. Tignan kung magbago ang ugali nito o kung mukha itong may sakit.







**3.** Kapag namatay ang hayop sa loob ng 14 na araw, sumangguni sa beterinaryo upang masuri kung may rabies ito.

# Paano MAIIWASANG magka RABIES ang ALAGANG hayop?



**1.** Pabakunahan laban sa rabies ang alagang aso simula 3 buwan ang edad. Ulitin ito kada taon.

**2.** Bigyan ng masustansyang pagkain at malinis na inumin.



**Maging responsableng may-ari ng hayop!**

# Paano MAIIWASANG magka RABIES ang ALAGANG hayop?




**3.** Siguraduhing malinis at kumportable ang tirahan ng alaga.



**4.** Huwag hayaang gumala sa labas ng bahay ang inyong alaga. Lagyan ito ng tali kapag ilalabas.

**Maging responsableng may-ari ng hayop!**

# May **BATAS** ba tungkol sa pag-aalaga ng hayop?

## Anti - Rabies Act of 2007 (Republic Act 9482)

Ayon sa batas (**R.A. 9482**) kailangan ninyong:

- iparehistro at pabakunahan laban sa rabies ang inyong alagang aso
- paobserbahan ang inyong alagang aso kapag ito ay may nakagat na ibang aso o tao
- sagutin ang gastusin sa pagpapagamot ng nakagat ng inyong aso
- lagyan ng tali ang alagang aso kapag papagalain ito sa labas


**Ang hindi sumunod sa mga probisyong ito ay maaring MAGBAYAD ng MULTA na P 500 hanggang P 25,000.**

# Paano MAIIWASANG MAKAGAT ng aso?


## 1. <u>HUWAG</u> lapitan ang asong:




Tulog



Kumakain




Bagong panganak




Nagpapasuso

# Paano MAIIWASANG MAKAGAT ng aso?

## 1. <u>HUWAG</u> lapitan ang asong:



‘Di kilala



Takot



Galit

# Paano MAIIWASANG MAKAGAT ng aso?

**2. <u>HUWAG</u> gawin ang mga sumusunod:**



Kulitin ang aso



Hilahin ang tenga o buntot ng aso



Tumakbo kapag may malapit na aso

# Paano MAIIWASANG MAKAGAT ng aso?


**2. HUWAG gawin ang mga sumusunod:**



Yakapin ang aso



Sakyan ang aso



Makipagtitigan sa aso

**ALL RIGHTS RESERVED**

This material is for education purposes only. No reproduction of this flip chart and its coresponding user's guide shall be used for commercial purposes. And no changes shall be made to any content of both materials.

Proper citation should be observed when using parts of this flip chart and its guide. Any use of the illustrations must be accompanied by an acknowledgment of its creator, Mary Faye D.V. Matuiginas.

**© 2015 Global Alliance for Rabies Control**